# Paglabas ng Balita

Ontario

**MINISTERYO NG PANANALAPI**

# Ang Plano para Protektahan ang Ontario

## Matutulungan ng 2025 na Budget ng Ontario na maprotektahan ang Ontario sa pamamagitan ng pagpapakawala ng ekonomiya ng probinsiya

## Balita

Mayo 15, 2025

TORONTO — Ngayon, pinalabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang *2025 na Budget ng Ontario: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*. Kabilang sa *2025 na Budget* ang mga hakbang upang maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo, at trabaho sa Ontario mula sa mga taripa ng Estados Unidos at ang patuloy na kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, na may planong bumuo ng ekonomiyang mas matatag at umaasa sa sarili. Lubos pang isinusulong ng *2025 na Budget* ang layunin ng pamahalaan na baguhin ang Ontario upang ito ay maging isang lubos na kompetitibong lugar para mamuhunan, makagawa ng mga trabaho at makapag-negosyo sa G7, habang namumuhunan nang higit pa sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon at iba pang lubos na mahahalagang mga serbisyo.

"Tinutupad ng ating pamahalaan ang ating mandato na protektahan ang Ontario at tulungan ang mga manggagawa at negosyo na makayanan ang mga kahirapang kasalukuyang nagaganap, habang nagtatatag ng pangmatagalang mga pundasyon para sa malakas, matatag at kompetitibong ekonomiya," sabi ni Ministro Bethlenfalvy. "Namumuhunan tayo sa mga manggagawa, imprastraktura at mga serbisyo na magpoprotekta sa Ontario, kahit anumang mangyari."

Ang mga pinansiya ng Ontario ay nasa pinakamalakas na posisyon sa higit na isang dekada, na pinatutunayan ng dalawang beses na pagtaas ng grado ng kredito na natanggap ng probinsiya noong 2024. Nananatiling maingat at may kapanagutan ang plano ng pamahalaan, at patuloy ang Ontario sa kanyang landas na maibalanse ang kanyang budget sa pagsapit ng 2027-28. Ang *2025 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario* ay sumusulong na may mapag-adhikang plano na maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo at mga pamilya ng Ontario sa pamamagitan ng pagpapakawala ng ekonomiya, pagdaragdag ng mga pala sa lupa para makagawa ng imprastraktura, at makapaglagay muli ng pera sa mga bulsa ng tao habang naghahatid ng mas mabuting mga serbisyo sa mga tao ng Ontario na kanilang maaasahan.

Kasama sa pinakamahalaga:

- Pamumuhunan ng $500 milyon para makagawa ng bagong Pondo para sa Pagproseso ng Lubos na Mahahalagang mga Mineral (Critical Minerals Processing Fund) na makatutulong na mapakawala ang kakayahan ng mineral na sektor ng probinsiya sa pamamagitan ng pagpapaakit ng pamumuhunan sa kakayahang magproseso ng lubos na mahalagang mineral dito sa kinalalagyan natin, para makatulong na masiguro na ang mga mineral na namina sa Ontario ay maproseso sa Ontario, ng mga manggagawa ng Ontario.

- Sinusuportahan ang mga bagong mapagkukunan at pagkakataon para sa mga pakikipagsosyo ng mga Katutubo bilang kanilang bahagi ng pag-aari sa pamamagitan ng pagti-triple ng kabuuang halaga ng garantiyang pautang sa pamamagitan ng Programa ng Pagpinansiya ng mga Pagkakataon para sa Katutubo (Indigenous Opportunities Financing Program — na dating kilala bilang ang Programa ng Garantiya sa Pautang sa Aborigine, o Aboriginal Loan Guarantee Program) patungo sa $3 bilyon at pinalalago ang pagiging karapat-dapat nang higit pa sa larangan ng enerhiya, mga tubong dinadaanan ng langis o gas, pagmimina at lubos na mahahalagang mga mineral, pagpapaunlad ng mapagkukunan at iba pang mga sektor, upang matulungang masuportahan ang mga pamumuhunan ng mga Katutubong komunidad sa paglago ng Ontario. Ang pamahalaan ay namumuhunan din ng $70 milyon sa mahigit na apat na taon sa pamamagitan ng Pondo ng Pagsali ng Katutubo (Indigenous Participation Fund — dating kilala bilang ang Pondo ng Pagsali ng Aborigine, o Aboriginal Participation Fund) upang mapabuti ang kakayahan ng mga Katutubong komunidad at organisasyon sa mga lugar na may maraming mineral na aktibidad na makasali sa proseso ng pangangasiwang may kaugnayan sa paggalugad ng mineral at pagpapaunlad ng mina. Pati na rin sa pagbibigay ng $10 milyon sa mahigit na tatlong taon upang magkaroon ng bagong mga pagkakataon na makatanggap ng scholarship ang mga First Nation na mag-aaral na interesadong tumuloy sa karera sa pagpapaunlad ng mapagkukunan sa kapaligiran.

- Sinusuportahan ang mga negosyong namumuhunan sa mga gusali, makinarya at kagamitang ginagamit sa pagmamanupaktura o pagproseso sa Ontario, sa pamamagitan ng pagmumungkahi na pabutihin at palawakin ang Kredito sa Buwis para sa Pamumuhunan sa Pagmamanupakturang Gawa Mula sa Ontario (Ontario Made Manufacturing Investment Tax Credit). Ang iminumungkahing mga pagbabago ay magreresulta sa pansamantalang pagtataas ng antas ng kredito para sa mga pribadong korporasyong kontrolado ng Canada (Canadian-controlled private corporations, o mga CCPC) mula sa 10 porsyento patungo sa 15 porsyento, at pansamantalang palalawakin ang pagiging karapat-dapat para sa 15 porsyentong hindi maibabalik na bersiyon ng kredito patungo sa mga hindi CCPC, kabilang ang mga pampublikong korporasyon, na nagsasagawa ng karapat-dapat na mga pamumuhunan sa probinsiya. Ang iminumungkahing mga pagbabagong ito ay makatutulong sa mga negosyo na mapababa ang kanilang mga gastos sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang $1.3 bilyon bilang suporta sa buong haba ng susunod na tatlong taon.

- Ang pagbuo ng Account para Maprotektahan ang Ontario (Protecting Ontario Account), isang pondo na umaabot ng hanggang sa $5 bilyon na idinisenyo upang makapagbigay sa mga negosyo ng lubos na mahalagang suporta upang maprotektahan ang mga trabaho, mabago ang mga negosyo at mapalago ang mga estratehiyang sektor ng ekonomiya na sumasailalim ng makabuluhang mga pagkagambala sa negosyong may kaugnayan sa taripa. Ang pondong ito ay magbibigay ng kaagad-agad na kaluwagan sa anyo ng kaagad-agad na perang maaaring magastos bilang pang-emergency para sa mga negosyong naubos na ang lahat ng mga posibilidad sa pagpopondo sa Ontario.

- Sinisiguro na ang mga dalubhasang manggagawa sa buong probinsiya ay mayroong pagsasanay na kanilang kinakailangan upang makapasok sa kapaki-pakinabang na karera sa mga sektor na may prayoridad sa pamamagitan ng pamumuhunan ng karagdagang $1 bilyon sa susunod na tatlong taon sa Kapital na Pondo para sa Pagpapaunlad ng Kasanayan at Pagsulong ng Pagsasanay (Skills Development Fund Capital and Training Streams), na nagreresulta sa kabuuang pangako sa pagpopondo bilang $2.5 bilyon. Matutulungan ng mga pamumuhunang ito ang mga organisasyon na makapagbigay ng mas mabuting mga programa ng pagsasanay at matulungang mapabuti at makabuo ng bagong mga sentro ng pagsasanay para sa mga dalubhasang manggagawa sa buong probinsiya.

- Pagmumungkahi na gawing permanente ang pagbabawas sa buwis para sa gasolina at iba pang supply na katulad nito. Bilang resulta ng hakbang na ito, ang mga sambahayan ay makatitipid, sa karaniwan, ng mga $115 kada taon.

- Tinutulungang malabanan ang pagkakabuhol-buhol na trapiko sa pamamagitan ng permanenteng pag-alis ng mga toll mula sa pag-aari ng probinsiyang Highway 407 East, na inaasahang makatipid sa mga pang-araw-araw na nagbibiyahe ng humigit-kumulang na $7,200 bawat taon.

- Ang pagpapalakas ng pagpupursige ng probinsiya para makabuo, kabilang ang pinaka-determinadong kapital na plano sa kasaysayan ng Ontario na may kasamang pinaplanong pamumuhunan para sa susunod na 10 taon na may kabuuang mahigit sa $200 bilyon, kabilang ang mahigit sa $33 bilyon sa 2025-26. Kabilang sa mga mahahalagang bahagi ng 10 taong kapital na plano ang halos $30 bilyon upang masuportahan ang pagpaplano at konstruksiyon ng pagpapalawak ng highway at mga proyekto ng pagpapabuti, tinatayang $61 bilyon para sa pampublikong transportasyon, tinatayang $56 na bilyon para sa imprastraktura sa kalusugan, at pamumuhunan ng mahigit sa $30 bilyon para makabuo ng mas maraming mga paaralan at espasyo para sa pangangalaga ng mga bata.

“Ang ating probinsiya ay dati ring sumailalim ng mga kahirapan, at palagi nating nakayahan ang mga ito at nagresultang bilang mas malakas at mas nagkakaisa kaysa dati,” ang sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Ngayon, kasama ng *2025 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*, isinusulong natin ang plano na nagpapakita ng pananaw ng pamahalaan at ng kautusang natanggap namin mula sa mga tao ng napakagaling na probinsiyang ito na gawin ang lahat ng kinakailangan upang maprotektahan ang mga manggagawa, negosyo at komunidad ng Ontario.”

## Mga Katotohanan

- Ang 2024-25 na kakulangan ng Ontario ay tinatantya na magiging $6.0 na bilyon — $3.8 bilyon na mas mababa kung ikukumpara sa pananaw na inilathala sa *2024 na Budget*.

- Nananatiling maingat at may kapanagutan ang plano ng pamahalaan at patuloy sa landas na maibalanse ang budget sa pagsapit ng 2027-28. Ipinapalagay ng pamahalaan na magkakaroon ng kakulangan na $14.6 na bilyon sa 2025-26 at $7.8 bilyon sa 2026-27, bago bumalik sa isang inaasahang kalabisan na $0.2 bilyon sa 2027-28.

- Ang ekonomiya ng Ontario ay napatunayang matatag noong 2024, kung saan ang tunay na GDP ay tumaas ng 1.5 porsyento. Ang tunay na GDP ng Ontario ay inaasahang tumaas ng 0.8 porsyento sa 2025, 1.0 porsyento sa 2026, at 1.9 na porsyento sa 2027 at 2028.

- Ang netong utang ng Ontario kung ikukumpara sa kanyang GDP ay inaasahang magiging 37.9 na porsyento sa 2025-26. Sa katamtamang haba ng panahon, ang netong utang kung ikukumpara sa GDP ay inaasahang magiging 38.9 na porsyento sa 2026-27, at 38.6 na porsyento sa 2027-28.

## Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Basahin ang *2025 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang mahahalagang bahagi ng *2025 na Budget: Ang Plano para Protektahan ang Ontario*

Basahin ang Backgrounder: Buod ng Ekonomiya at Pananalapi

---

## MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA


Colin Blachar
Opisina ng Ministro
Colin.Blachar@ontario.ca

Scott Blodgett
Sangay ng Komunikasyon
Scott.Blodgett@ontario.ca


news.ontario.ca/mof/en

Disponible en français